

Mga Tips at mga Katotohanan

# Pagdadaos ng mga pag-uusap para mabuo ang tiwala sa bakuna sa inyong long-term care home

---

Ang mga tao ay mas malamang na makikinig sa mga taong pinagkakatiwalaan nila. Narito ang ilang kaisipan na tatandaan kapag nakikipag-usap sa mga tao.

- Normal lang ang pag-aalangan. OK lang na ang mga tao ay may mga tanong at mga pag-aalala.
- Mas nakikinig ang mga tao sa inyong sasabihin kung magkakaroon sila ng pagkakataon na maramdamang pinakinggan at bina-validate muna. Makinig nang may paggalang sa kung ano ang sinasabi nila, at alamin kung bakit naniniwala sila sa mga bagay na ginagawa nila.
- Ibahagi ang mga katotohanan. Magsalita nang tapat, at ituro ang mga tao sa kapani-paniwalang mga pinagmumulan ng impormasyon.
- Hayaang malaman ng mga tao na nagmamalasakit ka: ginagawa mo ito dahil gusto mo silang tulungan at ang kanilang mga mahal sa buhay na manatiling malusog at ligtas.
- Hindi mo kailangang gawin ito nang nag-iisa. Ang bawat isa na nabakunahan ay potensyal din na tagapagtaguyod. Hilingin sila na sumali sa iyo, at ibahagi ang kanilang mga kwento sa team.

Para sa karagdagang Impormasyon,

Proseso ng Pag-apruba at Pagiging Ligtas ng Bakuna sa COVID-19, Ontario Ministry of Health

[Ontario.ca/ covidvaccine](https://ontario.ca/covidvaccine) Ontario website na may up-to-date na impormasyon tungkol sa bakuna at plano ng pagpapamahagi sa Ontario.

Mga Bakuna para sa [COVID-19: Awtorisadong mga Bakuna](#), Health Canada

# Mga punto ng diskusyon

---

Kumakalat online ang mga katha at mga tsismis. Ipinapakita ng mga pag-aaral na kapag paulit-paulit na naririnig ng mga tao ang mga kwento, mas malamang na maniniwala sila dito. Narito ang ilang mga mahalagang mensahe para makatulong sa kanila na labanan ang maling impormasyon.

**Ang mga bakuna ay ginawa nang mabilis dahil:**

- Ang teknolohiya sa likod ng mga bakuna ay nariyan na mula pa 1990s.
- Suportado ang mga ito ng hindi pa nakikita dati na antas ng pagtutulungan at pondo sa buong mundo.

**Ang mga bakuna na ito ay ligtas.** Tanging ang mga bakuna na aprubado ng Health Canada at pinasyahang ligtas at mabisa ang ilalapat sa Ontario. Ang Health Canada ay may isa sa pinakamasusing siyentipikong review systems sa mundo.

**Ang bakuna sa COVID-19 ay hindi mapagbibigay sa iyo ng COVID-19 o alinmang iba pang nakakahawang sakit.** Hanggang ngayon, wala sa mga aprubadong bakuna ng Health Canadaang live a bakuna, ibig sabihin, hindi naglalaman ang mga ito ng virus na nagdudulot ng COVID-19.

**Ang dalawang dosis ay nagbibigay ng 94-95% immunity. Mahaalga na makatanggap ng dalawang dosis.** Ang proteksyong inialok ng unang dosis ay mas mababa kaysa sa makakamit sa ikalawang dosis. Ang mga bakuna ay 94-95% mabisa matapos ang dalawang dosis.

**Walang sinuman na nakilalang namatay bilang direktang resulta ng bakuna sa COVID-19.** Higit sa dalawang milyong tao ang namatay sa buong mundo mula sa aktwal na virus.

**Kapag ang isang malaking porsyento ng populasyon ay nagiging immune sa COVID-19, babagal o hihinto ang pagkalat ng virus.** Mapoprotektahan mo ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay at ang inyong komunidad sa pamamagitan ng pagpapabakuna.

**Para sa karagdagang impormasyon**

Proseso ng Pag-apruba at Pagiging Ligtas ng Bakuna sa [COVID-19](#), Ontario Ministry of Health  
[Ontario.ca/ covidvaccine](#) Ontario website na may up-to-date na impormasyon tungkol sa  
bakuna at plano ng pagpapamahagi ng Ontario.  
Mga Bakuna para sa [COVID-19: Awtorisadong mga Bakuna](#), Health Canada